Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG NOBYEMBRE 12, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:10 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | ........ | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ........ | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | ........ | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | ........ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ........ | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ........ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ........ | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit | ........ | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ........ | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Ramon D. Tan | ........ | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion | ........ | Kagawad |

## KAPASIYAHAN BLG. 154-T'07

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 64-T2007 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN PABLO NORTE NA IDINEDEKLARANG NASA "STATE OF CALAMITY" ANG NASABING BARANGAY DULOT NG PAGLUBOG AT LABIS NA PAGBAHA.**

**SAPAGKA'T**, ipinahihiwatig ng Kapasiyahan Blg. 64-T2007 ng nasabing barangay na karamihan sa mga sitio na sinasakop nito ay lubog na sa tubig-baha kaya't kailangang lagyan ng tulay ang mga daan upang maayos na makaraan ang mga mamamayan lalo na ang mga estudyante at naghahanapbuhay;

**SAPAGKA'T**, malaking dagok ito sa kalakaran ng paghahanapbuhay, paninirahan at pag-aaral;

**SAPAGKA'T**, itinala ng Pambayang Tanggapan ng Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad ang Barangay San Pablo Norte na "disaster prone area" dahilan sa nakabalantay ito sa Lawa ng Laguna at bunga nito'y 70 bahagdan ng mga mamamayan ang idineklarang apektado.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Alden A. Sulit, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Angelito U. Limjuco at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 64-T2007 ng Kgg. Sangguniang Barangay ng San Pablo Norte na idinedeklarang nasa "state of calamity" ang nasabing barangay dulot ng paglubog at labis na pagbaha.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Pinuno sa Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad at Sang. Brgy. ng San Pablo Norte, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**
**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan